Recology Vallejo

Vallejo Waste Zero Ways

2026 NEWSLETTER SA TAG-INIT



Binabawasan ng smart na pag-uuri ng Taqueria ang mga gastos sa basura

Nang buksan nina Guillermo at Marisol Pelayo ang Taqueria El Pelayo sa Springs Road noong Hulyo, napansin nila ang isang problemang karaniwan sa maraming negosyo ng pagkain na maingat sa kapaligiran: mga basurahan na puno ng mga bote, mga lata, papel, plastik, at mga tirang pagkain.



Ang kanilang solusyon ay hindi magarbong kagamitan o mamahaling teknolohiya. Iyon ay ang mahusay na pamamahala.

"Sinimulan ko sa pamamagitan ng paghiling sa mga empleyado na asikasuhin ito pagkatapos ng tanghalian at pag-uri-uriin ang mga bote, mga lata, at iba pang mga recyclable," sabi ni Guillermo, na nagsimula sa isang food truck noong 2015 at ngayon ay nangangasiwa na sa 14 na empleyado.

Ang pagpapatupad ng isang programa sa pag-uuri-uri ay nagbigay-daan sa negosyo na mapababa ang mga gastos sa basura, sa halip na magbayad ng mga singil sa overage. Sa katunayan, ang Taqueria El Pelayo ay nagre-recycle na ngayon ng mahigit 4 na beses na mas marami kaysa sa itinatapon nito.

MAHALAGA ANG PAGSASANAY

Regular na nagpupulong ang mga kawani ng Taqueria El Pelayo upang repasuhin ang mga protokol sa pag-uuri ng basura. Ang mga nakakulay na istasyon ay gumagabay sa mga empleyado kung saan pupunta ang anumang mga bagay. Ang mga plastik na bote ay nirerecycle; ang plastik na pambalot mananatili sa basura. Ang mga tirang gulay ay inilalagay sa maliliit na balde bago ilipat sa mas malaking berdeng lalagyan ng compost. Ini-ispray nila ang mga lalagyan gamit ang degreaser, pagkatapos ay nililinis at inihahanda ang lahat para sa susunod na araw.

"Maaaring nakakainis ito, ngunit ang regular na pagsasagawa ng mga aksyon ay humahantong sa mas malaking tagumpay," sabi ni Marisol.

Negosyo Highlight



Si Guillermo Pelayo, ang may-ari ng Taqueria El Pelayo.

Sumasang-ayon si Guillermo at pinapayuhan ang ibang mga may-ari ng negosyo na magtalaga ng isang empleyado na bantayan ang mga basurahan sa pagtatapos ng bawat shift upang matiyak na ang pag-recycle, compost, at basura ay naaasikaso nang maayos. "Makakatulong ito sa negosyo at makakatipid ng pera."

Kung nangangailangan ang iyong negosyo ng pagsasanay sa pag-recycle at paggawa ng compost, tawagan kami sa ***707.552.3110*** *para sa libreng pagbisita sa lugar.*

ISKEDYUL NG PAGKOLEKTA PARA SA PIYESTA OPISYAL SA 2026-27

Walang trabaho ang Recology sa mga araw ng Thanksgiving, Pasko, o Bagong Taon kaya maaantala ang serbisyo nang isang araw para sa mga kostumer na may mga araw ng pagkolekta na iyon.

LUNES	MARTES	MIYERKULES	HUWEBES	BIYERNES	SABADO
12/21 Regular na Serbisyo	12/22 Regular na Serbisyo	12/23 Regular na Serbisyo	12/24 Regular na Serbisyo	12/25 Walang Serbisyo — Araw ng Pasko, Sarado ang Tanggapan	12/26 Serbisyo para sa mga Kostumer ng Biyernes
12/28 Regular na Serbisyo	12/29 Regular na Serbisyo	12/30 Regular na Serbisyo	12/31 Regular na Serbisyo	1/1 Walang Serbisyo — Araw ng Bagong Taon, Sarado ang Tanggapan	1/2 Serbisyo para sa mga Kostumer ng Biyernes

Taunang abiso ng serbisyo sa pagkolekta

Para masulit ang iyong serbisyo sa pangkomersyong pangongolekta, mangyaring tandaan ang mga sumusunod:

MGA MATERYALES NA KINOKOLEKTA

Kinokolekta namin ang mga recycling, mga organikong materyales, at basura sa iyong itinakdang araw ng serbisyo. Ang mga araw ng pagkolekta ng kariton ay nakadepende sa lugar kung saan matatagpuan ang iyong negosyo o organisasyon. Ang serbisyo sa basurahan ay magagamit sa maramihang araw sa isang linggo. Makikipagtulungan kami sa iyo upang mahanap ang pinakamahusay na akma sa operasyon.

Kasama sa mga recyclable ang mga malalaki at matitigas na plastik, metal, mga kristal na bote at garapon, at malinis na papel at karton. Kasama sa mga organikong materyales ang mga pinagputulan ng halaman, mga tira-tirang pagkain, at papel at karton na walang coating at hindi narumihan ng pagkain.

Ang mga lalagyang karton lamang ay maaaring gamitin para sa serbisyo nang hanggang 5 araw sa isang linggo kapag hiniling.

Kabilang sa basura ang halos lahat ng iba pa, maliban sa mga mapanganib na basura o mga malalaking bagay.



MGA PAMAMARAAN PARA SA PAGLABAS NG MGA MATERYALES

Dapat maa-akses ang iyong mga lalagyan nang **hindi lalampas sa 4 AM** sa araw ng iyong serbisyo. Dapat sarado ang mga takip. Kung hindi nakasara ang mga takip, maaari kang magkaroon ng mga singil sa overage.

PAGTATAPON NG MGA HINDI TINATANGGAP NA MATERYALES

Bawal ang mapanganib na basura sa anumang kariton ng koleksyon.

Maaari mong dalhin ang ilang mapanganib na basura nang libre at ang ilang mga bagay nang may bayad sa Devlin Road Recycling & Transfer Station. Para sa mga pinakabagong detalye sa mga tinatanggap na materyales, bisitahin ang**naparecycling.com**.

IMPORMASYON SA ACCOUNT SA PAMAMAGITAN NG PORTAL NG KOSTUMER

Itinigil na ng Recology Vallejo ang kalendaryo ng koleksyon sa website nito at hindi na ia-update ang mobile app. Para makita ang iyong partikular na iskedyul ng koleksyon at kasalukuyang mga serbisyo, mangyaring i-scan ang QR code upang mag-log in o magparehistro para sa **Customer Account Portal**.

recology-portal.amcsplatform.com

ANG PAG-RECYCLE AY ISANG PAGKAKATAON SA PANGALAWANG BUHAY

Nagtataka ka ba kung ano ang mangyayari sa iyong recycling pagkatapos umalis ang trak ng koleksyon?

Ang iyong malinis, tuyo, at walang laman na mga itinatapon ay mapupunta sa isang maingay at abalang pasilidad sa pag-uuri, kung saan itinatapon ang mga ito nang bunton sa tipping floor. Pagkatapos, dinadala ng mga conveyor belt ang lahat pataas patungo sa linya, kung saan ang mga mapagmasid na manggagawa at mga espesyal na makina ay nagtutulungan upang uriin ang agos: plastik dito, metal doon, papel, karton, kristal.

Ang mga mandaraya na kontaminante ay nahuhuli at itinatapon. Ang mga tamang bagay ay naisisiksik sa mga malalaking pakete, ibinebenta, at kadalasang bumabalik bilang mga bagong produkto.

Yung bote ng soda? Bukas baka fleece jacket na 'yan. Ang pag-recycle ay hindi ang katapusan ng kwento. Ito a y ang simula.



KONTAKIN KAMI!
Se Habla Español
Nagsasalita kami ng Tagalog

Recology Vallejo American Canyon
2021 Broadway Street
Vallejo, CA 94589

707.552.3110 Lunes hanggang Biyernes, 8 AM – 5 PM
recology.com/vallejo
facebook.com/recologyvallejoamericancanyon